San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682

(619) 725-5506

Terry B. Grier, Ed.D.
Superintendent

Mahal na mga Magulang, Mag-aaral at Kawani,

Kagaya ng inyong narinig, ang *swine flu* ay natagpuan sa apat na naninirahan sa San Diego County, tatlo sa kanila ay mga bata. Ang lahat ng mga ito ay may mahinang sintomas. Ang County Office of Public Health Services ay hindi pa naghayag ng panahon ng mahigpit na pangangailangan ng salot na trangkaso.

Sa panahong ito, ang County Public Health ay nagsasabi sa atin na ang mga mag-aaral na walang karamdaman ay ligtas na pumasok sa paaralan at ang mga paaralan ay mananatiling bukas. Ipagpapatuloy namin ang mahigpit na pagsubaybay sa ating mga paaralan at mga mag-aaral, sa anumang pagpapahayag ng publikong kalusugan at tatalimang magbibigay ng kaalaman sa pamamagitan ng ating websayt at ng sistemang kusang-pagtawag sa telepono.

Hinihingi namin ang inyong tulong sa pagbibigay pansin sa inyong kalusugan at sa kalusugan ng ating mga mag-aaral. Ang sintomas ng sakit na *swine influenza* ay nakakahawig ng karaniwang trangkaso. Ang mga palatandaang ito ay kabilang ang lagnat, pag-ubo, pananakit ng lalamunan, pananakit ng buong katawan, sakit ng ulo, giniginaw at pagod. Ang ilan ay nagsasabing kasama ang pagtatae at pagsuka. Ang taonang bakuna ay hindi nagbibigay proteksiyon laban sa naturang sakit.

Narito ang ilang paraang mapangalagaan ang inyong sarili at ng inyong mag-anak:

- Sanayin ang mabuting paglinis ng kamay – hugasang maigi ang inyong kamay at malimit.
- Takpan ang inyong pag-ubo – ng tisyo, o bumahing sa inyong manggas.
- Ang mga bata at mga nakatatandang may sakit ay dapat manatili sa bahay at iwasan ang ibang mga taong may sakit.

Ang ating mga guro at kawani ay binibigyang-diin ang kahalagahan ng malimit na paghugas ng kamay at "pagbahing sa inyong manggas." Kung may palatandaan ng trangkaso sa paaralan, ang mga mag-aaral ay hindi pahihintulutang manatili sa paaralan.

Sa karagdagang kaalaman, pakiusap na tawagan ang San Diego County Swine Flu Hotline sa (858) 715-2250. Kung kayo ay may tuwirang alalahanin tungkol sa *swine flu*, pakiusap na tawagan ang inyong manggagamot o ang County Public Health Services sa (619) 515-6520. Ang mga kaalaman ay nakalagay sa ating websayt sa www.sandi.net.

Nais kong matiyak sa inyo na ginagawa namin ang lahat ng kailangan upang mapangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng ating mga mag-aaral at mga kawani.

Buong katapatan,

Terry B. Grier, Ed.D.
Tagapamahala

Tagalog version: Swine flu letter